



NAST, isinulong ang sektor ng pangisdaan para sa 39th Annual Scientific Meeting

Ni Rosemarie C Señora, DOST-STII

Nito lamang nakalipas na ika-12 hanggang 13 ng Hulyo sa Manila Hotel, isinagawa ng Department of Science and Technology – National Academy of Science and Technology o DOST-NAST ang kanilang 39th Annual Scientific Meeting o ASM na may temang “Attaining Sustainable Development Goals: Philippine Fisheries and Other Aquatic Resources 20/20”.

Sa pangunguna ng Agricultural Sciences Division ng NAST na siyang host division para sa taong ito, sumentro ang ASM sa sektor ng pangisdaan kung saan mahalaga ang ginagampanang papel ng agham.

sundan sa pahina 2

Mga Nilalaman

DOST-PCHRD, pinangunahan ang larangan ng kalusugan sa 2017 NSTW	p2
Space Technology, sentro ng science journalism writeshop ng DOST.....	p3
2107 NSTW GPOA.....	p4

DOST, ipinagdiwang ang ‘Science for the People’ sa 2017 National S&T Week

Ni Rosemarie C Señora, DOST-STII



Naging matagumpay ang pagdiriwang ng Department of Science and Technology ng 2017 National Science and Technology Week (NSTW) noong nakaraang Hulyo 11 hanggang 15 sa World Trade Center sa Pasay City.

Dito ay libreng natunghayan ng publiko ang iba’t ibang S&T research and services, interactive exhibit at technology-aided entrepreneurship na layuning makapagbigay ng isang kakaibang karanasan sa mga makikilahok ukol sa kung papaano nakatutulong ang agham at teknolohiya para sa ikauunlad ng buhay ng lahat.

Ayon kay DOST Secretary Fortunato T. de la Peña, taon-taon nang isinasagawa ang naturang pagdiriwang upang maibida ang serbisyo at produktong hatid ng mga siyentipiko, inhinyero, mananaliksik, imbentor at innovators sa Pilipinas.

Dagdag pa niya, ang tema ngayong taon na ‘Science for the People’ ay naglayong magpakita ng praktikal na gamit ng iba’t ibang produktong pang-teknolohiya at research outputs na mapapakinabangan ng bawat Pilipino.

Ang NSTW ay ipinagdiriwang kada ikatlong linggo ng buwan ng Hulyo sa pamamagitan ng

Proklamasyon Blg. 169, s. 1993. Layunin nito na kilalanin ang kontribusyon ng agham at teknolohiya sa kaunlaran ng bansa at para na rin makakuha ng suporta mula sa pampubliko at pribadong institusyon para sa pagpapanatili ng pag-unlad nito.

Para sa pagdiriwang ngayong taon ng NSTW, nagkaroon ng science and technology forums sa larangan ng agrikultura, kalusugan, disaster preparedness management, Small Enterprise Technology Upgrading Program (SETUP) at iba pa; technology exhibits; film showing; scientific career talks/ science journalism writeshop; at paggawad ng mga parangal.

Ang ilan sa mga forum ay isinagawa sa Philippine Trade and Training Center (PTTC) habang ang iba pang gawain ay ginanap sa World Trade Center kasama ang mga exhibit.

Kasabay ng NSTW, nagsasagawa rin ang DOST regional offices ng kani-kanilang science and technology fairs na tatagal hanggang Disyembre.

Para sa kumpletong detalye, maaaring bisitahin ang www.nstw.dost.gov.ph at www.facebook.com/2017nstw o mag-email sa 2017nstw@gmail.com.

DOST-PCHRD, pinangunahan ang larangan ng kalusugan sa 2017 NSTW

Ni Rosemarie C. Señora, *DOST-STII*

Hindi binigo ng Philippine Council for Health Research and Development o PCHRD ang mga nag-abang sa isinagawa nitong eksibit bilang siyang nangungunang ahensya sa pagdiriwang sa larangan ng kalusugan na may subtheme na “Conquering Diseases, Promoting Health”, kasama ng Food and Nutrition Research Institute o FNRI at ng Philippine Nuclear Research Institute o PNRI.

“Para sa selebrasyon ngayong taon, nais naming ipakita na ang mga teknolohiyang aming sinusuportahan ay nagagamit mula sa sinapupunan hanggang libingan,” ani PCHRD Executive Director Dr. Jaime C. Montoya.

Dagdag pa niya, nagsisilbing lugar ang National Science and Technology Week (NSTW) na taon-taong ipinagdiriwang ng Department of Science and Technology (DOST) para ipakita ang suporta ng iba pang ahensya ng gobyerno at pribadong sektor at sila rin mismo ay makapagsimula ng inisyatibo na gamitin ang agham at teknolohiya sa pagpapaunlad ng buhay ng mga mamamayan.

Kabilang sa mga teknolohiyang kanilang ipinakita ay ang RxBox, na isang

communication device na dinivelo ng DOST-PCHRD na may kakayahang kumuha ng vital signs at iba pang detalye ng pasyente na nasa mga liblib na lugar at maipadala ang resulta sa medical experts na nasa regional hospital or maging sa Maynila, at ang Ovicidal Larvicidal (OL) Trap na may kakayahang pumatay sa mga itlog ng babaeng lamok bago pa man sila maging ganap na lamok.

Itinampok rin ang ReliefVent na isang compact at madaling gamitin na ventilator maging sa bata man o matanda; ang eHealth Tablet for Informed Decision making program o eHATID na isang software application na nagbibigay ng real-time access sa health information para sa mga local government units (LGUs) at medical doctors at ang Axis Knee Replacement System na isang teknolohiyang maasahan at mas mura para sa operasyon sa tuhod.


Ibinida rin ng PNRI ang Carrageenan Hydrogel Dressing na mabisang pampahid sa sugat upang maibsan ang sakit at pagpepeklat.

Mula naman sa FNRI ay ipinakita rin ang Pinggang Pinoy na isang food plate model

na nagpapakita ng tamang proporsyon ng pagkain.

Ang nasabing eksibit, kasama ng iba pang aktibidad tulad ng fora, games, raffle, massage, nutrition counselling at cooking demonstration, ay bahagi ng pagdiriwang ng DOST ng 2017 NSTW noong Hulyo 11 hanggang 15 sa World Trade Center, Pasay City na may temang “Science for the People”.

Para sa kumpletong detalye ukol sa 2017 NSTW, maaaring bisitahin ang www.nstw.dost.gov.ph at www.facebook.com/2017nstw, mag-email sa 2017nstw@gmail.com o tumawag sa telepono sa numerong (02)837-2071 loc. 2162. (*Impormasyon mula sa DOST-PCHRD*)



[/dostpchrddostgovph](https://www.facebook.com/dostpchrddostgovph)



pchrddost.gov.ph



[@DOST_PCHRD](https://twitter.com/DOST_PCHRD)



feedback.pchrddost.gov.ph

ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD
Editor-in-Chief

ALLAN MAURO V. MARFAL
JASMIN JOYCE P. SEVILLA
Editorial Assistant

JAMES B. INTIA
Layout

SHEILA MARIE ANNE J. DE LUNA
Proofreader

FERDINAND D. CARTAS
Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148

NAST, isusulong...

Mula sa pahina 1

Sa pamamagitan ng naturang pagtitipon, ay tinukoy ang mga paraan kung paano makakatulong ang nasabing sektor upang matamo ng Pilipinas ang sustainable development goals nito na alinsunod sa 10-point agenda ni Pangulong Rodrigo Duterte.


Ang Annual Scientific Meeting ay sinimulan noong 1978 at ngayon ay kinikilala na bilang nangungunang siyentipikong pagtitipon sa

Pilipinas. Ito ay nagsisilbi ring lugar para sa presentasyon ng resulta ng mga isinasagawang pananaliksik ukol sa agham at polisiya.

Bago ang naturang pagtitipon, nauna nang idinaos ng NAST ang tatlong regional scientific meeting na may kaparehong tema: ang Mindanao leg ay isinasagawa sa Davao noong Marso, ang Visayas leg sa Cebu noong Abril at nito lamang Mayo, ang Luzon leg na isinasagawa sa Baguio City.

Space Technology, sentro ng science journalism wrireshop ng DOST

Ni Allan Mauro V. Marfal, *DOST-STII*



Sa ikatlong sunod na taon, kasabay ng taunang selebrasyon ng National Science and Technology Week o NSTW, muling pinangunahan ng Department of Science and Technology-Science and Technology Information Institute (DOST-STII) ang pagsasagawa ng Science Journalism Wrireshop para sa mga mag-aaral sa kolehiyo na kumukuha ng mga kursong journalism at mass communication noong Hulyo 12, 2017 sa Philippine Trade Training Center sa lungsod ng Pasay.

Pinamagatang #ScienceJournoAko : Communicating Space Technology, layunin ng naturang pagsasanay na mahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusulat ng mga istoryang may kinalaman sa agham at teknolohiya, partikular sa larangan ng space technology.

Umaabot sa 75 na mag-aaral na nagmula sa mga kolehiyo at unibersidad sa Kalakhang Maynila at malalapit na probinsya ang dumalo sa nasabing pagsasanay.

Kabilang sa mga nagbahagi ng kanilang kaalaman at karanasan sa larangan ng science

journalism ay sina Dr. Aristotle P. Carandang, hepe ng Communication Resources and Production Division ng DOST-STII at Timothy James M. Dimacali, editor ng SciTech section ng GMA News Online.

Samantala, ibinahagi naman ni Dr. Rogel Mari D. Sese sa mga dumalo ang mga pinakahuling ulat hinggil sa mga programa ng pamahalaan na nagpapaunlad sa paggamit ng mga space technology.

Taong 2015, kasabay rin ng selebrasyon ng NSTW sa SMX Convention Center, unang nagsagawa ng science journalism wrireshop ang DOST-STII na kung saan ang pagsusulat ng mga istoryang may kinalaman sa lindol at lagay ng panahon ang naging pokus. Sinundan ito noong nakaraang taon, na kung saan mga istoryang tumatalakay sa agrikultura at kalusugan ang naging sentro.

Bukod sa NSTW, nakipagsanib-pwersa rin ang DOST-STII sa iba't ibang unibersidad upang makapagsagawa ng science journalism wrireshop sa kani-kanilang mga paaralan. Kabilang na rito ang Adamson University, Batangas State University, at Urdaneta City University.

Sa pagsasagawa ng mga serye ng science journalism wrireshop, ninanais ng DOST-STII na pataasin ang kamalayan at kaalaman ng mga mag-aaral sa kolehiyo, partikular ang mga kumukuha ng kurso sa journalism at mass communication, pagdating sa mga benepisyong hatid ng agham at teknolohiya. Sa pamamagitan nito, maaaring mahikayat sila na sumulat ng mga istorya na may kinalaman sa agham at teknolohiya at ikonsidera na maging propesyon ang pagiging 'science journalist'.

Samantala, bukod sa science journalism wrireshop, itatampok din sa selebrasyon ng NSTW ngayong taon ang mga interactive exhibits, science and technology forums, career talks, film showing, at SETUP forum.

Ang NSTW ay ipinagdiriwang kada ikatlong linggo ng buwan ng Hulyo sa pamamagitan ng Proklamasyon Blg. 169, s. 1993. Layunin nito na kilalanin ang kontribusyon ng agham at teknolohiya sa kaunlaran ng bansa at para na rin makakuha ng suporta mula sa pampubliko at pribadong institusyon para sa pagpapanatili ng pag-unlad nito.



science for the people



GENERAL PROGRAM OF ACTIVITIES

Time	Event/Activity	Venue	Lead Agency
July 11 (Tuesday)			
8:00 am - 12:00 nn	Opening Ceremonies <i>(by Invitation Only)</i>	World Trade Center, Pasay City	DOST-PCHRD
1:00 pm - 5:00 pm	Viewing of Exhibits	World Trade Center, Pasay City	
1:00 pm - 5:00 pm	PBDIC Forum	Rooms A&B, PTTC, Pasay City	DOST-PCHRD
1:00 pm - 3:00 pm	Itik Pinas	Room G, PTTC, Pasay City	DOST-PCAARRD
1:00 pm - 8:00 pm	PSTC Congress	Hotel Jen, Pasay City	Regional Offices
3:00 pm - 5:00 pm	NRCP Policy Forum	Room G, PTTC, Pasay City	
July 12 (Wednesday)			
8:00 am - 10:00 am	Tec Talk: Back Home	Rooms A&B, PTTC, Pasay City	DOST-SEI
8:00 am - 5:00 pm	Viewing of Exhibits	World Trade Center, Pasay City	
8:00 am - 3:50 pm	39th Annual Scientific Meeting	The Manila Hotel, Manila	DOST-NAST
8:00 am - 5:00 pm	JAAP Meeting and Symposium	Room G, PTTC, Pasay City	DOST-ITCU
10:00 am - 12:00 nn	<ul style="list-style-type: none"> • Coral Research Towards Conservation (Sexual Production of Corals) • Assessment of Coral • Philippine Rise (Benham Rise) 	Rooms A&B, PTTC, Pasay City	DOST-PCAARRD
12:00 nn - 5:00 pm	Science Journalism Writeshop	Rooms A&B, PTTC, Pasay City	DOST-STII
July 13 (Thursday)			
8:00 am - 3:50 pm	39th Annual Scientific Meeting	The Manila Hotel, Manila	DOST-NAST
8:00 am - 5:00 pm	Viewing of Exhibits	World Trade Center, Pasay City	
8:00 am - 10:00 am	<ul style="list-style-type: none"> • Increasing Brown Rice Quality Through Superheated Steam • GIS-Based Geo-Tagging Existing and Identification of Suitable sites for Cacao and Rubber Plantations 	Rooms A&B, PTTC, Pasay City	DOST-PCAARRD
8:00 am - 12:00 nn	NOVARTIS Biocamp	Room G, PTTC, Pasay City	DOST-PCHRD
10:00 am - 12:00 nn	12-Horsepower Single Cylinder Diesel Engine	Rooms A&B, PTTC, Pasay City	DOST-MIRDC
12:00 nn - 3:00 pm	#EMERGENT: Artificial Intelligence Forum	Room G, PTTC, Pasay City	DOST-PCIEERD
1:00 pm - 3:00 pm	Auto-Parts Facility in support of the Components and Parts Manufacturing Sector	Rooms A&B, PTTC, Pasay City	DOST-MIRDC
3:00 pm - 5:00 pm	Coconut Somatic Embryogenesis	Rooms A&B, PTTC, Pasay City	DOST-PCAARRD
3:00 pm - 5:00 pm	Empowering Research and Industry Innovations thru World Class Testing Facility	Room G, PTTC, Pasay City	DOST-ITDI
July 14 (Friday)			
8:00 am - 5:00 pm	Viewing of Exhibits	World Trade Center, Pasay City	
July 15 (Saturday)			
8:00 am - 5:00 pm	Viewing of Exhibits	World Trade Center, Pasay City	

